

## APPLICATION

- Paano mo tutugunan ang utos ni Jesus na pumunta sa ibang lugar at gumawa ng Kanyang mga tagasunod? Ano ang gagawin mo ngayong linggo upang sumunod sa tawag na ito?
- Paano mo magagawang suportahan ang mga misyonaryo na inihandog ang kanilang mga buhay sa pag-abot ng iba't-ibang bansa para sa pangangaral ng ebanghelyo? Ano ang isang tiyak na bagay na maari mong gawin para dito?
- Paano mo magagawang magkaroon ng mas malalim na kaalaman sa mga ginagawa ng Diyos sa iba't-ibang bansa at paano ka makikilahok dito?

## PRAYER

- Pasalamatang Diyos sa Kanyang pagmamahal sa mundo at sa paggawa ng paraan upang mailigtas tayo. Pasalamatang Siya sa pagbibigay sa atin ng kaligtasan, awa, at pagpapala.
- Hingin sa Diyos na ipa-alam sa iyo kung paano ka makalalahok sa Dakilang Komisyon. Hingin sa Kanya na tulungan kang manalangin, magbigay, at pumunta.
- Ipanalangin ang ating mga misyonaryo at ang mga simbahan na tumutulon sa kanila sa alinmang bahagi ng mundo.



**VICTORY**

© 2015 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.  
victory.org.ph



FILIPINO **WEEK 6**

# Ang Misyon

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang lugar o bansa na gusto mong puntahan. Bakit mo gustong pumunta dito?
- Paano ninyo ipinamamahagi ang mga gawain sa loob ng bahay? Sino ang gumagawa ng desisyon sa mga bagay na dapat gawin ng bawat miyembro ng pamilya?
- Ano ang isa sa mga pinakamahirap na bagay na kinailangan mong gawin? Bakit mo ito ginawa?

## WORD

<sup>2</sup>Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila.

<sup>3</sup>Pagkatapos nila mag-ayuno at manalangin, pinatungan nila sina Bernabe at Saulo ng kanilang mga kamay at pinalakad.

**MGA GAWA 13:2-3**

Nakalahad sa Mga Gawa 13 ang kauna-unahang paglalakbay ni Pablo bilang isang misyonaryo. Habang ang mga nagtipon-tipong tao ay sumamba at nag-ayuno, kanilang narinig ang tagubilin ng Banal na Espiritu para kina Barnabas at Saul upang pumunta sa iba't-ibang bayan. Tinugon nila ito sa pamamagitan ng pagsunod ng may pananampalataya. Sa parehong paraan, ang simbahan ay patuloy sa pagpapadala ng mga misyonaryo upang tuparin ang Dakilang Komisyon o "Great Commission." Bagama't hindi lahat ay makapupunta, lahat ay maaaring makilahok sa layuning ito. Sa ating aralin, ating titignan kung paano natin madadala ang Mabuting Balita sa lahat ng bayan sa buong mundo.

## 1 Manalangin.

<sup>18</sup>At manalangin kayo sa lahat ng oras sa tulong ng Banal na Espiritu. Ipanalangin n'yo ang lahat ng dapat ipanalangin. Huwag kayo magpabaya; patuloy kayong manalangin lalo na para sa lahat ng mga pinabanal. <sup>19</sup>Ipanalangin n'yo rin ako sa tuwing mangangaral ako, na bigyan ako ng Diyos ng wastong pananalita para maipahayag ko ng buong tapang ang Magandang Balita na inilihim noon.

**MGA TAGA-EFESO 6:18,19**

Habang ang mga misyonaryo ay patuloy sa pagsunod sa tawag ng Diyos at sa pagpunta sa mga bagong lugar, sila ay nangailangan ng simbahan na magdarasal para sa kanila. Dapat nating "hawakan ang lubid" para sa ating mga misyonaryo sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanilang kaligtasan, pangtustos, at tapang sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Sino ang mga misyonaryo o ano ang mga bansa na ipinapanalangin mo? Paano mo sila ipinapanalangin?

.....

.....

.....

.....

## 2 Magbigay.

<sup>14</sup>. . . At paano sila sasampalataya kung hindi pa sila nakakarinig ng tungkol sa kanya? At paano sila makakarinig kung walang nangangaral? <sup>15</sup>At paano makakapangaral ang sinuman kung hindi naman siya isinugo? . . . **MGA TAGA-ROMA 10:14,15**

Ang mga misyonaryo ay tumutugon sa tawag ng Diyos ng may pananampalataya, at sa kanilang pagpunta, ibinibigay ng Diyos ang lahat ng kanilang pangangailangan. Tayo ay makapag papadala ng marami pang mga misyonaryo kung susuportahan natin ang kanilang gawain. Ano ang ipinangako para sa mga bukas-palad na magbibigay sa Diyos at sa Kanyang mga layunin? (Mga Taga-Filipos 4:19)

.....

.....

.....

.....

## 3 Pumunta.

<sup>19</sup>Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. <sup>20</sup>Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggan sa katapusan ng mundo. **MATEO 28:19,20**

Bagama't hindi lahat ay makakapunta sa ibang bansa, ang lahat ng Kristiyano ay tinawag ni Jesus na pumunta sa iba't-ibang lugar – sa paaralan, sa opisina, sa tahanan, o kung saan man tayo naroon. Paano mo natutunang sundin ang Dakilang Komisyon? Alalahanin ang isang pangyayari na nagpapakita nito.

.....

.....

.....

.....